Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-20 NG PEBRERO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 059-T'2002

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLALAAN NG HALAGANG SIYAMNAPU'T LIMANG LIBONG PISO (P95,000.00) BILANG KARAGDAGANG BADYET NG PAMAHALAANG BAYAN UPANG MAGSILBING KAPUPUNAN (AUGMENTATION) PARA SA PAGPAPAGAWA NG PALIKURAN SA TANGGAPAN NG PAMBAYANG INGAT-YAMAN.*

*SAPAGKAT*, may kahilingan ang Kgg. Punong Bayan na magpatibay ng karagdagang badyet na nagkakahalaga ng P95,000.00 na magmumula sa pondo sa Capital Outlay ng Tanggapan ng Ingat-Yaman upang magsilbing karagdagang gastusin sa pagpapagawa ng palikuran ng nasabing tanggapan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat, Angelito U. Limjuco at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang sumusunod na:

KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T'2002

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* – Ilaan ang halagang P95,000.00 mula sa pondo sa Capital Outlay ng Tanggapan ng Ingat-Yaman upang magsilbing kapupunan sa pagpapagawa ng palikuran ng nasabing tanggapan, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

*SEKSYON 2* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

*PINAGPASIYAHAN PA RIN*, Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit at ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*.

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 059-T'2002)



PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. BERNARDO E. ISON
Kagawad

KGG. ROSELON P. PAMATMAT
Kagawad

KGG. EDGARDO T. PORCA
Kagawad

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR
Kagawad

KGG. RICARDO E. RAMIREZ
Kagawad

KGG. PURITA P. SARMIENTO
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

Ohad Malupaya